



# Paghahanap ng ating mga pinagmulan: Pag-unlad sa komunidad

## Taunang Ulat 2021/22 at Plano ng Serbisyo 2022/23–2024/25 buod ng ehekutibo

Noong 2021/22, nag-focus ang Office of the Human Rights Commissioner [Tanggapan ng Komisyoner ng mga Karapatang Pantao (BCOHRC)] ng BC sa pagpapaunlad—pagpapaunlad ng ating organisasyon, pagpapalalim ng ating epekto, at pagtatag sa buong province. Nagawa naming makamit ang mga makabuluhang pagsulong sa mga batas, patakaran at kasanayan sa karapatang pantao habang nagsusumikap tungo sa mas malalim na behavioural at sistemikong pagbabago na kinakailangan upang makamit ang aming pananaw na magkaroon ng province na malaya sa hindi pagkakapantay-pantay, diskriminasyon at kawalang-katarungan. Narito ang isang sulyap sa ilan sa mga ginawa namin sa 2021/22:

### Highlights ng estratehikong priyoridad

Minamarkahan ng 2021/22 ang ikatlong taon ng limang-taong [Strategic Plan ng BCOHRC 2020/21–2024/25](#), na nagsusumikap na makamit ang epekto sa aming mga estratehikong priyoridad ng diskriminasyon sa ilalim ng *Human Rights Code* [*Kodigo ng mga Karapatang Pantao*] ng B.C., decolonization, poot at pag-usbong ng white supremacy, kahirapan bilang sanhi at epekto ng kawalang-katarungan at hindi pagkakapantay-pantay at mga proteksyon sa mga karapatang pantao para sa mga kinulong ng estado. Kabilang sa highlights mula sa aming trabaho sa mga binigyang-priyoridad na ito ang:

### Diskriminasyon sa ilalim ng *Kodigo ng mga Karapatang Pantao* [*Human Rights Code*] ng B.C.

Isang pangunahing dahilan kung bakit umiiral ang BCOHRC ay upang matiyak na ang mga karapatang ginagarantiya ng *Human Rights Code* ng B.C. ay protektado at iginagalang. Noong 2021/22 nagbigay kami ng direktang impormasyon at referrals sa higit sa 20,000 mga miyembro ng publiko na nakipag-ugnayan sa BCOHRC sa pamamagitan ng telepono o email; iyon ay 10 beses na pagtaas mula 2020/21. Pinamahalaan namin ang 45 na mga aplikasyon para sa Mga Espesyal na Programa ([tingnan ang pahina 14](#)), naghatid kami ng bagong serye ng mga workshop ng *Kodigo* sa higit sa 450 mga tao ([tingnan ang pahina 55](#)) at pinagsama-sama namin ang pinakakomprehensibong pagsusuri ng data ng pagpupulis at pag-aresto sa kasaysayan ng B.C. ([tingnan ang pahina 17](#)).

## Decolonization

Ang aming Tanggapan ay nangangakong suportahan ang sariling pagpapasya ng Nations, at nagtatrabaho upang mapabuti ang mga istruktura na humahadlang sa ganap, pantay at makatarungang pakikilahok ng mga Indigenous na Tao sa lahat ng mga aspeto ng buhay. Noong 2021/22, ipinagdiwang namin ang isang mahalagang pagpapabuti sa sistema ng mga karapatang pantao ng B.C. nang idagdag ang pagkakakilanlan ng Indigenous sa *Human Rights Code* ng B.C. bilang isang protektadong lupa ([tingnan ang pahina 26](#)). Nagkaroon kami ng pagkakataong palalimin ang mga ugnayan sa 15 Indigenous nations at marami pang mga kinatawan na organisasyon. Direkta kaming nakarinig mula sa Indigenous Elders sa aming Pagtatanong tungkol sa poot sa pandemya sa pamamagitan ng aming Elders' Gathering' at nakipag-usap kami sa higit sa 200 na mga dumalo tungkol sa anti-Indigenous na rasismo sa First Nations Education Steering Committee ([tingnan ang pahina 53](#)).

## Poot at ang pagtaas ng white supremacy

Sa naiulat na pagtaas ng mga insidente ng pagkapoot sa panahon ng pandemya, ang aming trabaho upang puksain ang poot sa aming mga komunidad ay hindi kailanman naging mas apurahan. Noong 2021/22, inilunsad namin ang Inquiry sa poot sa panahon ng pandemya— ito ang kaisa-isang walang-katulad na independiyenteng inquiry sa mundo; sinusuri nito ang mga karanasan ng poot at mga solusyon sa pagkapoot sa ating mga komunidad ([tingnan ang pahina 32](#)). Bumuo at naglunsad din kami ng mahalagang Hate Speech Q&A resource ([tingnan ang pahina 56](#)) at nakipagsosyo kami sa BC Association of Broadcasters upang ilunsad ang Never Accept Hate na kampanya sa buong province ([tingnan ang pahina 28](#)).

## Kahirapan bilang sanhi at epekto ng hindi pagkakapantay-pantay at kawalan ng katarungan

Ang BCOHRC ay nangangakong magsikap tungo sa epektibo at makabuluhang mga proteksiyon sa tahanan para sa mga karapatang pang-ekonomiya, pagtalakay sa karalitaan bilang isyu sa mga karapatang pantao at pagtanggap ng diskriminasyon laban sa mga taong naghihigrap. Noong 2021/22, ipinagpatuloy namin ang aming gawain upang makitang idinagdag ang kalagayang panlipunan bilang isang protektadong batayan sa *Human Rights Code* ng B.C. ([tingnan ang pahina 34](#)), na namagitan sa harap ng Korte Suprema ng BC sa isang mahalagang kaso tungkol sa diskriminasyon sa family status na may mahalagang implikasyon para sa mga karapatan sa pagtatrabaho ng mga babae at lumahok kami sa gawaing koalisyon para makakuha ng 10 paid days of sick leave para sa mga manggagawa sa buong B.C. ([tingnan ang pahina 34](#)).

## Mga proteksyon sa mga karapatang pantao para sa mga kinulong ng estado

Naniniwala ang BCOHRC na lahat tayo ay may karapatang maging malaya mula sa di-makatwirang pagkulong, pang-aabuso sa kapangyarihan at hindi patas na pagtrato kung tayo ay ikinulong ng pulisya, sa mga bilangguan, sa ilalim ng pangangasiwa ng komunidad o sa mga sistema ng pangkaisipang kalusugan. Noong 2021/22, pinagsikapang makamit ng BCOHRC ang culturally safe at trauma informed na mga pamamaraan sa paggamit ng droga o alak ([tingnan ang pahina 40](#)), nagtaguyod para sa mga pagpapabuti sa mga kondisyon ng pagkulong sa mga bilangguan ng B.C. at nagtrabaho tungo sa pagtigil ng immigration detention sa mga kulungan ng B.C. ([tingnan ang pahina 45](#)).



## Paglikha ng isang matatag at sustainable na organisasyon

Bilang isang Tanggapan na itinatag lamang noong 2019, ang aming ika-anim na prioridad ay ang bumuo at magpanatili ng isang diverse na lugar ng trabaho na mainam sa kalusugan. Noong 2021/22, nag-hire kami ng 25 tao ([tingnan ang pahina 46](#)), bumuo ng isang internal education program, naghatid ng Indigenous cultural safety training sa lahat ng kawani at nakipagtulungan sa Simon Fraser University sa mga sustainable procurement practices upang maunawaan ang mga epekto sa mga karapatang pantao ng mga bagay na aming ginagamit at binibili para sa organisasyon.

## Highlights ng aming epekto sa 2021/22

Upang sukatin ang epekto ng aming trabaho at ang mga kahihinatnan nito para sa mga karapatang pantao sa buong B.C., ang BCOHRC ay bumuo ng isang evaluation at impact framework na nakasentro sa limang mga konsepto:

- Pagbuo ng magalang at may pananagutan na mga relasyon
- Paglikha ng accessible at nauugnay na mga materyal sa pampublikong edukasyon
- Pagbigay ng mga rekomendasyon sa mga gumagawa ng desisyon tungkol sa mga paraan upang mapabuti ang mga sistematikong isyu ng mga karapatang pantao
- Pagbuo ng mga legal na argumento upang maimpluwensyahan ang case law
- Pagbuo ng mga patakaran, kasanayan at kulturang nakabatay sa mga karapatang pantao

Sa bawat seksyon sa ibaba, makikita mo ang highlights mula sa ilang mahahalagang gawain na ginamit para sa aming impact evaluation para sa 2021/22.

## Pagbuo ng magalang at may pananagutan na mga relasyon

Upang bumuo ng tiwala, dapat tayong magpakita ng pananagutan. Noong 2021/22, ang BCOHRC ay nagbigay ng impormasyon at referral sa higit sa 20,000 katao, ipinagpatuloy nito ang aming gawain upang mapabuti ang access sa sistema ng mga karapatang pantao ng B.C. sa pamamagitan ng proyektong 'No Wrong Door' ([tingnan ang pahina 50](#)), at nagsagawa ito ng makabuluhang pakikipag-ugnayan sa komunidad at sa Indigenous sa buong province ([tingnan ang pahina 53](#)).

## Paglikha ng accessible at nauugnay na mga materyal sa pampublikong edukasyon

Dahil mahigit labingpitong taon nang walang komisyon ng mga karapatang pantao sa B.C., ito'y nangangahulugan na mayroong isang makabuluhang hindi natutugunan ang kinakailangang pangunahing pampublikong edukasyon tungkol sa *Kodigo ng mga Karapatang Pantao* ng B.C. Noong 2021/22, naglunsad ang BCOHRC ng 16 na mga bagong resources na pang-edukasyon sa iba't-ibang mga paksa, mula gabay ng mga tagapangasiwa tungkol sa sistemikong rasismo hanggang sa gabay sa patakaran hinggil sa mga karapatan at mga responsibilidad sa COVID-19. Ang aming 'Intro to human rights' na video ay napanood na ngayon nang higit sa 21,000 beses, at ang aming bagong workshop sa *Kodigo* ay dinaluhan ng higit sa 450 tao sa ngayon ([tingnan ang pahina 55](#)). Ang aming video series na 'I love my human rights' ay patuloy na nagpapakita ng mga pambihirang kuwento ng mga karapatang pantao ng karaniwang British Columbians sa pamamagitan ng paglunsad ng mga taos-puso at makabagbag-damdaming kuwento nina [Brandon Yan](#), de [Danny Ramadan](#) at [Anthony Brown](#) ([tingnan ang pahina 57](#)).



## Pagbibigay ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang mga sistematikong isyu ng mga karapatang pantao

Bilang isang independiyenteng opisyal ng Lehislatura, ang Komisyoner ng Mga Karapatang Pantao ng B.C. ay nagbibigay ng patnubay at mga rekomendasyon sa mga inihalal na opisyal at pinuno ng pamahalaan gayundin sa mga tagapag-empleyo, maylupa at mga tagapagbigay ng serbisyo sa iba pang mga sektor tungkol sa mga paraan upang matiyak na ititigil ng mga sistemang ito ang di-pantay na pagtrato at ang diskriminasyon laban sa marginalized communities. Mula pa noong 2020 nananawagan ang BCOHRC para sa province ng B.C. na bumuo ng batas upang mangolekta ng disaggregated data. Noong 2022, natupad ang layuning iyon sa pamamagitan ng pagpasa ng *Anti-Racism Data Act* ([tingnan ang pahina 61](#)). Patuloy na naglaan ng makabuluhang resources sa pagbibigay ng gabay sa mga karapatang pantao bilang tugon sa pandemya ng COVID-19, kabilang ang pagbuo ng resources para sa pagpapatunay ng vaccination requirements at ang pagtatapos ng mandato sa B.C. na magsuot ng mask ([tingnan ang pahina 63](#)).

## Pagbuo ng mga legal na argumento upang maimpluwensyahan ang case law

Nilalayan ng BCOHRC na pahusayin ang mga batas at sistema ng mga karapatang pantao sa B.C. sa pamamagitan ng paggamit ng ating mga kapangyarihang pambatas upang magsagawa ng mga pampublikong legal inquiries at mamagitan sa mga kaso sa korte na maaaring magkaroon ng sistemikong epekto sa mga karapatang pantao sa B.C. Nangangahulugan ito na ang Tanggapan ay maaaring lumahok sa mga kaso upang tulungan ang hukuman o ang tribunal na namamahala sa kaso na maunawaan ang mga isyu na may kaugnayan sa sistemikong diskriminasyon at mga legal na prinsipyo na kung hindi man ay maaaring hindi iharap ng nagrereklamo o ng mga tumutugon na partido. Noong 2021/22, namagitan ang BCOHRC sa dalawang mga kaso sa korte: *Gibraltar Mines v. Harvey* at *Neufeld v. British Columbia Teachers' Federation (BCTF)* sa ngalan ng *Chilliwack Teachers' Association* ([tingnan ang pahina 64](#)).

## Pagbuo ng mga patakaran, kasanayan at kulturang nakabatay sa mga karapatang pantao

Sa lahat ng aming operasyon, sinisikap naming isama ang mga kahalagahan ng mga karapatang pantao at ang aming mga gabay na prinsipyo sa aming mga patakaran (kung ano ang sinasabi namin), mga kasanayan (kung ano ang aming ginagawa) at kultura (kung sino kami). Noong 2021/22, nagsumikap kami upang higit pang isama ang mga prinsipyo ng mga karapatang pantao sa mga patakaran ng aming organisasyon sa pamamagitan ng paglikha ng isang flexible na patakaran sa trabaho at isang specialized na patakaran sa counselling ([tingnan ang pahina 67](#)). Hinangad din naming suportahan ang pananagutan ng pamumuno, pag-unlad ng organisasyon at pakikipag-ugnayan ng empleyado sa pamamagitan ng aming Workplace Environment Survey; isinama namin ang mga pananaw na ito sa aming proseso ng estratehikong pagpapalano.

## Inaasahan: 2022/23–2024/25 Plano ng serbisyo

Ang aming plano ng Serbisyo (2022/23–2024/25) ay umunlad mula sa aming mga estratehikong prioridad at evaluation at impact framework. Binabalangkas nito ang mga layunin, key performance indicators at sample ng mga aktibidad na inaakala naming gagawin sa loob ng tatlong taon upang matupad ang mandato ng Tanggapan at magtatag ng baseline para sa pagtatakda ng mga target sa hinaharap.



Kabilan sa ilan sa aming mga aktibidad sa panahon ng plano ng serbisyo ang paglulunsad ng aming Baseline project sa labing-dalawang komunidad sa buong province, paghahatid ng provincial public awareness campaign na naka-focus sa mga karapatan ng mga taong may kapansanan, paggawa ng toolkit ng resources para sa mga tagapag-empleyo tungkol sa pinakamahuhusay na kagawian sa pagiging pantay sa trabaho, at pagsasagawa ng accessibility audit ng aming mga kasalukuyang materyales upang mapabuti ang access sa aming trabaho para sa lahat ng tao. Kasama rin sa aming trabaho ang **pagpapalabas ng mga rekomendasyon mula sa Inquiry sa poot sa panahon ng pandemya**, patuloy na gawain sa **mga karapatang pantao sa pagpupulis** sa pamamagitan ng pagsubaybay para sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng Special Committee on Reforming the Police Act at marami pang iba ([tingnan ang pahina 69](#)).

## **Budget at mga gastos sa 2021/22**

Noong 2021/22, gumastos ang BCOHRC ng \$6.490 milyon mula sa aming \$6.815 milyon na operating budget at ganap na ginugol nito ang aming \$35,000 capital budget ([tingnan ang pahina 76](#)). Sa darating na panahon, sa panahon na sakop ng aming plano ng serbisyo, kami ay inaprubahan ng operating budget na \$6.809 milyon para sa 2022/23, at inirerekomenda ng Select Standing Committee on Finance and Government Services sa Lehislatura na ang paglalaan para sa mga gastusin sa pagpapatakbo ng Tanggapan ng Komisyoner ng mga Karapatang Pantao ay dapat gawing \$6.826 milyon sa 2023-24, \$6.839 milyon sa 2024-25, at an capital budget ay dapat \$35 libo bawat taon.

